

BE SAFE ★
CHICAGO ★



Maging Ligtas.

Mga Programa sa Tag-init

Maging Ligtas. Mga Programa sa Tag-init

Ano ang nasa gabay na ito?



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)

Ang maingat na muling pagbubukas ng Chicago ay nangangailangan ng:

Mga malusog na pakikisalamuha

Paglayo sa kapwa



Mga limitasyon sa pisikal na layo mula sa ibang indibidwal

Laki ng pagpupulong



Mga limitasyon sa mga pagpupulong ng mga indibidwal

Pamprotektang gamit



Paggamit ng pamprotektang gamit ng mga indibidwal

Mga kinakailangan para sa kalinisan



Pagtiyak ng malinis na pakikisalamuha (hal., paghugas ng kamay)

Mga ligtas na espasyo at kondisyon

Access sa pagpasok



Kondisyon para sa paglabas/pagpasok para sa access sa espasyo

Mga pamantayan sa paglilinis



Mga ginawa para disimpektahan ang lugar

Nakitang patnubay



Mga mapagkukunan sa kalinisan at gabay na nakapaskil sa espasyo

Mga kondisyon sa lugar ng trabaho



Pagsusuri ng dami ng taong naglalakad, bentilasyon, atbp.

Mga matatag na operasyon at pagsubaybay

Mga modelong may pleksibilidad



Pleksibilidad pagdating sa pagliban dahil sa sakit, pagtatrabaho mula sa malayo (kapag posible)

Mga matatag na operasyon



Suporta para sa pleksibilidad ng operasyon (hal., maraming shift)

Mga alituntunin sa pagbiyahe



Paghihigpit sa pagpapalipat-lipat ng lokasyon ng mga tao

Pagsusuri / pagsubaybay



Pangangasiwa ng pagsusuri at pagsubaybay

Maging Ligtas. Mga Programa sa Tag-init

Nakaguhit na halimbawa



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



Ano ang maaaring maging iba?

- 1 Mga nakikitang palatandaan na nakapaskil sa buong pasilidad tungkol sa kalinisan sa katawan, paglayo mula sa kapwa, PPE at higit pa
- 2 Kinakailangan ang **pagsusuri sa mga sintomas** para sa mga kalahok bago pumasok sa mga pasilidad
- 3 Madalas na **didisimpektahan** ng mga tauhan ang mga pasilidad. Kung maaari, gumamit ng **mga indibidwal na lalagyan para sa bawat kalahok** para limitahan ang paghahati-hati sa mga gamit
- 4 Igrupo ang mga kalahok sa mga **hindi nagbabagong pangkat** na may mas mababa sa 15 indibidwal, at may **nakatalagang tauhan**
- 5 Tiyakin ang **hindi bababa sa 30 talampakan na layo** sa pagitan ng mga pangkat kapag nasa labas
- 6 Lahat ng pagkain ay **indibidwal na nakabalot**; sapat na supply ng mga **bote ng tubig**

Maging Ligtas. Mga Programa sa Tag-init

Mga malusog na pakikisalamuha



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



**Paglayo
sa kapwa**

Bawasan ang pakikisalamuha sa pagitan ng lahat ng kalahok

- Panatilihin ang paglayo sa kapwa nang 6 na talampakan (kung saan maaari); pahintulutan ang mga indibidwal na nasa parehong pangkat na makisalamuha sa isa't isa sa loob ng distansyang 6 na talampakan
- Kahit na nasa labas ang camp/programa, tiyaking may sapat na espasyo sa labas (hal., mga fieldhouse ng Chicago Park, mga sentrong panlibangan) para mapagkasya ang lahat ng kalahok nang may hindi bababa sa 6 na talampakan na paglayo sa kapwa; Kapag walang malaking espasyo na nasa loob, tiyaking may mas maliliit na kuwarto na maaaring gamitin ng mga grupong may o mas kaunti pang miyembro
- Tiyaikin na ang lahat ng pagkain ay nasa mga indibidwal na balot at tiyaking kinakain ang mga ito sa mga nakatakdang grupo
- Kung maaari, hikayatin ang mga kalahok at tauhan na magsuot ng mga kulay na ipinapakita ang kanilang grupo para mas madaling mapangasiwaan ang paglayo sa kapwa



**Laki ng
pagpupulong**

Limitahan ang laki ng grupo sa 15 o mas kaunti pa; bawal ang paghahalo ng mga tauhan at kalahok sa pagitan ng mga grupo

- Limitahan ang laki ng mga grupo, o mga cohort, sa hindi hihigit sa 15 indibidwal
- Magtalaga ng dalawang miyembro ng tauhan sa bawat grupo; kung isang tauhan lamang ang maitatalaga, tiyakin na ang mga floater (mga lumilipat sa pagitan ng mga grupo) ay nakatalaga sa hindi hihigit sa dalawang grupo
- Pahintulutan ang ilang grupo na gamitin ang parehong pasilidad, hangga't napapanatili ang paglayo sa kapwa nang 30 talampakan
- Kung saan maaari, italaga ang mga kalahok mula sa parehong sambahayan/komunidad sa parehong pangkat
- Kung saan maaari, itakda ang isang kuwartong nasa loob para sa bawat pangkat sa buong tagal ng programa

Maging Ligtas. Mga Programa sa Tag-init

Mga malusog na pakikisalamuha



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



Pamprotektang
gamit

Tiyaking may access ang mga tauhan at kalahok sa mga pantakip sa mukha sa lahat ng oras

- latas sa lahat ng tauhan at kalahok na gumamit ng mga pantakip sa mukha sa ibabaw ng ilong at bibig, maliban na lamang tuwing kumakain, nagpapatugtog ng instrumentong pangmusika, o kapag nasa labas at kayang magpanatili ng ligtas na paglayo sa kapwa (maaaring may karagdagang pagbubukod para sa mga taong may mga medikal na kondisyon o kapansanan na humahadlang sa kanila mula sa ligtas na pagsusuot ng pantakip sa mukha)
- latas sa mga nagtatrabahong galing sa labas na magsuot ng pantakip sa mukha sa lahat ng oras
- Kung maaari, magtalaga ng mga indibidwal na lalagyan/locker para sa lahat ng kalahok para mapanatiling hiwalay ang mga PPE ng programa at mga kit (hal., mga krayola) mula sa isa't isa



Mga
kinakailangan
para sa
kalinisan

Tiyakin ang regular na paghuhugas ng kamay ng lahat ng kalahok at tauhan

- Sundin ang patnubay ng CDC sa kalinisan para sa mga camp sa tag-init
- latas sa mga kalahok na regular na maghugas ng mga kamay gamit ang sabon at tubig o gumamit ng sanitizer sa kamay
- Tiyaking mayroong sanitizer sa kamay sa bawat kuwarto
- Hikayatin ang mga kalahok na iwasan ang paghawak sa mga aksesorya ng pasilidad at gamitin ang kanilang sariling kagamitan hangga't maaari

- Inirerekomendang patnubay -

BE SAFE
CHICAGO

Maging Ligtas. Mga Programa sa Tag-init

Mga ligtas na espasyo at kondisyon sa trabaho



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



Magsagawa ng pang-araw-araw na pagsusuri ng kalusugan para sa lahat ng kalahok, tauhan at bisita

- Bago pumasok sa lugar ng trabaho, susuriin ng lahat ng empleyado ang kanilang sarili (hal., palatanungan – tingnan ang appendix) para matiyak na wala silang sintomas ng COVID-19
- Bago lumabas ng bahay, hikayatin ang lahat ng tauhan at kalahok na tukuyin sa sarili ang mga sintomas at manatili sa bahay kung mayroon sila ng mga sintomas
- Itala ang pagpasok ng bawat kalahok nang may nauugnay na impormasyon (hal. pangalan, numero ng telepono, address) bago sila papasukin sa pangunahing pasilidad
- Magsagawa ng araw-araw na pagsusuri sa sintomas para sa mga kalahok sa pasukan; ang mga taong nagpapakita ng mga palatandaan ng sakit ay hindi dapat papasukin sa lugar
- Sundin ang hindi nagbabagong iskedyul para sa lahat ng nagtatrabaho na galing sa labas, at payagan lamang silang pumasok pagkatapos mag-log in at kumumpleto ng pagsusuri sa sintomas

Pag-isipan ang mga alternatibong uri ng pagpasok para mabawasan ang pakikisalamuha sa pagpasok

- latas sa mga kalahok na magpatala nang maaga sa simula ng lahat ng programa (hal., kinukumpleto online o sa pamamagitan ng telepono); ipagbawal ang mga walk-in
- Hikayatin ang walang contact na pag-log in at limitahan ang pagkakatantad sa buong proseso ng pagpasok hangga't maaari
- Bawasan ang pakikisalamuha sa mga magulang at ibang kalahok sa pamamagitan ng pagtalaga ng mga espasyo para sa paghatid at pagsundo
- Kung maaari, magtakda ng iba-ibang oras para sa paghatid at pagsundo

- Inirerekomendang patnubay -

**BE SAFE
CHICAGO**

Maging Ligtas. Mga Programa sa Tag-init

Mga ligtas na espasyo at kondisyon sa trabaho



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



Pabutihin ang proseso ng paglilinis para sa mga patungan at gamit na madalas hawakan at tuwing nagpapalit ng shift

- Sundin ang mga alituntunin sa paglilinis na ibinalangkas ng CDC
- Linisin ang mga patungan at gamit na madalas hawakan kada 2 oras (hal., mga hawakan ng pintuan); kung maaari, huwag na gamitin ang mga ito
- Bawasan ang pagbabahagi ng sariling gamit ng mga indibidwal na galing sa magkaibang sambahayan
- Kung kailangan magbahagi, i-sanitize ang mga gamit bago at pagkatapos ng bawat paggamit, kabilang ang simula at pagtatapos ng bawat araw
- Sanayin ang mga tauhan sa wastong proseso ng paglilinis ng mga pasilidad/kagamitan
- Gumamit ng mga naitatapong guwantes kapag nagtatanggal ng mga supot ng basura o naghahawak at nagtatapon ng basura; hugasan agad ang mga kamay pagkatapos tanggalin ang guwantes



Maglagay ng nakikitang patnubay para sa mga kalahok at magulang sa buong pasilidad

- Maglagay ng mga palatandaan para sa mga alituntunin/protokol na kaugnay ng pantakip sa mukha, paglayo sa kapwa, paghuhugas ng kamay, at paglilinis
- Kung saan maaari, hikayatin ang paggamit ng nakikitang marka para isulong ang paglayo sa kapwa nang 6 na talampakan (hal., sa kainan)
- Kung saan maaari, gumamit ng mga nakikitang tanda para ibahin ang daloy ng trapiko ng tao para bawasan ang pakikisalamuha (hal., mga nakatalagang lugar na pasukan/labasan)
- Kung saan maaari, tiyaking hindi nagbabago o hindi nakakalito ang mga nakikitang tanda sa lahat ng mga parke/espasyo sa labas

- Inirerekomendang patnubay -

**BE SAFE
CHICAGO**

Maging Ligtas. Mga Programa sa Tag-init

Mga ligtas na espasyo at kondisyon sa trabaho



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



Tukuyin ang masisikip na lugar (hal., mga pasilyo, pasukan/labasan), at tiyaking nasusunod ang mga pag-uugali para sa paglayo sa kapwa

- Tiyaking maaaring gawin ang paglayo sa kapwa sa mga lugar na ginagamit ng lahat/lugar para sa pahinga sa pamamagitan ng, halimbawa, pagtanggap ng mga muwebles o pag-iiba ng mga oras ng pahinga
- Kung ang pasilidad ay may mga istasyon para sa mga indibidwal na libangan, tiyakin ang 6 na talampakang layo sa pagitan ng bawat istasyon
- Kung saan maaari, iwanang bukas ang mga pintuan at bintana para sa mas higit pang bentilasyon
- Limitahan ang paggamit ng mga elevator, kung saan maaari

Magsagawa ng mga karagdagang pag-iingat para sa kaligtasan ng mga kalahok at tauhan

- Hikayatin ang mga indibidwal na gumamit ng mga muling nagagamit na lalagyan ng tubig, at maglagay ng mga natatapong baso malapit sa mga drinking fountain, kung saan maaari; bigyan ng pagsasanay ang mga kalahok at tauhan ukol sa tamang paggamit sa mga drinking fountain (hal., huwag ilapit ang nguso sa labasan ng tubig at maghugas ng mga kamay matapos humawak sa mga patungan at gamit)
- Kung maaari, magtaguyod ng isang lugar ng pagbubukod para sa mga kalahok na may sintomas (na may nagbabantay); linisan ang lugar at iwanan itong walang tao nang hindi bababa sa 3 oras pagkatapos gamitin
- Latas sa mga tauhang may sintomas na umalis sa lugar sa lalong madaling panahon

- Inirerekomendang patnubay -

**BE SAFE
CHICAGO**

Maging Ligtas. Mga Programa sa Tag-init

Mga operasyon at pagsubaybay



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



Mga modelong
may
pleksibilidad

Bawasan ang pakikisalamuha ng mga kalahok mula sa iba't ibang pangkat

- Itakda ang mga piling tauhan bilang 'kapitan ng kaligtasan' para subaybayan ang mga limitasyon sa kapasidad at paglayo sa kapwa sa lahat ng aktibidad
- Kung maaari, magsagawa ng mga regular na pag-anunsyo tungkol sa pagbawas ng pagkalat ng COVID-19 sa sistema ng PA
- Iwasan ang mga aktibidad at kaganapan tulad ng mga field trip at espesyal na pagtatanghal
- Tiyaking may suporta para sa mga tauhan kung nababahala sila o may alalahanin tungkol sa pagbalik sa trabaho
- Limitahan ang mga indibidwal sa site sa mga esensyal na tauhan lamang; hikayatin ang mga hindi esensyal na tauhan na magtrabaho mula sa tahanan para limitahan ang kapasidad at bawasan ang pagkalantad

Magsagawa ng mga karagdagang hakbang para panatilihin alam ng mga kalahok at pamilya ang nangyayari

- Kung maaari, magsama ng mga mensahe tungkol sa mga pag-uugali na pang-iwas sa pagkalat ng COVID-19 sa mga komunikasyon sa mga tauhan at pamilya (hal., sa mga website ng camp, email, at social media account ng mga camp)
- I-update ang mga form ng waiver para malinaw na ibalangkas ang panganib sa pagkahawa para sa mga kalahok at iba pang miyembro ng sambahayan (na may pagtuon sa mga populasyong mahina laban sa sakit)
- Madalas na ipaalam ang mga bagong proseso sa mga magulang/tagapag-alaga

Maging Ligtas. Mga Programa sa Tag-init

Mga operasyon at pagsubaybay



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



**Katatagan ng
operasyon**

Magbigay ng sapat na pagsasanay at suporta sa mga tauhan upang magkaroon ng ligtas na kapaligiran

- Sanayin ang mga tauhan sa mga protokol sa kaligtasan, pati na rin sa mga emosyonal na pangangailangan ng mga bata at pamilya sa kasalukuyang panahon at kapaligiran
- Sanayin ang mga tauhan sa kahalagahan ng pangangalaga sa sarili at regulasyon para magkaroon ng mas ligtas na kapaligiran
- Turuan ang mga bata tungkol sa pangangailangan ng paglayo sa kapwa, PPE, at iba pang nauugnay na hakbang para sa kaligtasan
- Kung maaari, isama ang talakayan at mensahe ng pampublikong kalusugan sa programa



**Mga
alituntunin sa
pagbiyahe**

Limitahan ang hindi kinakailangang pagbiyahe para sa mga programa

- Hikayatin ang mga kalahok na iwasang hawakan ang mga hindi kinakailangang patungan/gamit habang naglalakad
- Idirekta ang mga magulang at kalahok sa mga alituntunin ng Lungsod para sa iba't ibang uri ng transportasyon
- Kung nagbibigay ang programa ng transportasyon, sundin ang lahat ng alituntunin sa transportasyon na inilathala ng Lungsod, kabilang ang (ngunit hindi limitado sa) paglinis ng mga sasakyan bago at pagkatapos ng bawat paggamit, pagbigay ng sanitizer sa kamay ng lahat ng kalahok, pagsasagawa ng paglayo sa kapwa, at pagsuot ng pantakip sa mukha

- Inirerekomendang patnubay -


**BE SAFE
CHICAGO**

Maging Ligtas. Mga Programa sa Tag-init

Mga operasyon at pagsubaybay



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



Sundin ang mga patnubay ng CDPH at CDC para sa mga protokol para sa pagsusuri at pagsubaybay

- Kung magkaroon man ng COVID-19 ang isang empleyado, dapat niyang sundin ang lahat ng mga alituntunin ng CDC bago bumalik sa trabaho
- Kung natukoy ang isang empleyado bilang positibo sa COVID-19 sa pamamagitan ng pagsusuri, dapat gawin ang paglinis at pagdisimpekta ayon sa mga alituntunin ng CDC
- Sinumang empleyadong nagkaroon ng malapit na pakikipagsalamuha sa katrabaho o sinumang iba pang taong natukoy bilang mayroong COVID-19 ay dapat mag-quarantine nang mag-isa ayon sa mga alituntunin ng CDC
- Kung nalaman ng pasilidad na may 2 o higit pang kaso na maaaring nauugnay sa isang lugar o negosyo sa loob ng magkakasunod na 14 na araw, kailangang iulat ng mga employer ang mga kaso sa CDPH
- Sundin ang lahat ng mga patnubay ng CDPH at sumunod sa mga rekomendasyon ng CDPH bilang tugon sa paglaganap ng sakit sa lugar ng trabaho

- Inirerekomendang patnubay -





Glosaryo

Paghugas ng kamay: Ang kilos ng puspusang paglilinis ng sariling mga kamay gamit ang sabon at tubig nang hindi bababa sa 20 segundo o paggamit ng pandisimpekta na may kakayahang tanggalin ang virus na nagdudulot ng COVID-19

Paglayo sa kapwa: Ang pisikal na paglayo nang hindi bababa sa anim na talampakan sa pagitan ng mga indibidwal, o grupo ng mga indibidwal.

Pagtitipon: Isang grupo ng indibidwal na hindi mula sa iisang sambahayan na bahagi ng hindi planado o planadong kaganapan na nagtitipon nang higit sa sampung minuto

PPE: Personal protective equipment, o personal na kagamitang pamprotekta (hal., pantakip sa mukha, goggles, pangharang sa mukha); iba-iba ang mga kailangan batay sa industriya at mga partikular na sitwasyon

Pagsusuri sa sarili: Protokol kung saan sinasagutan ng isang empleyado ang mga tanong sa simula ng isang shift. Maaaring kabilang sa mga tanong ang mga sumusunod, sa ilalim ng patnubay ng Komisyonado ng Kalusugan:

- Nagkaroon ka ba ng temperatura ng katawan na higit sa 100 degrees Fahrenheit o gumamit ka ba ng pampababa ng lagnat sa nakaraang 24 na oras para gamutin ang temperatura ng katawan na higit sa 100 degrees Fahrenheit?
- Mayroon ka bang bagong ubo na hindi mo matukoy bilang dulot ng iba pang kondisyon sa kalusugan?
- Mayroon ka bang bago o lumalalang pananakit ng lalamunan na hindi mo matukoy bilang dulot ng iba pang kondisyon sa kalusugan?
- Mayroon ka bang bagong pangangapos ng hininga na hindi mo matukoy bilang dulot ng iba pang kondisyon sa kalusugan?
- Nagkaroon ka ba ng ganap na pagkawala ng pang-amoy o panlasa kamakailan lamang?

Halimbawang palatanungan para sa pagsusuri sa sarili

Maging Ligtas. Mga Programa sa Tag-init

Mga Dulugan sa Pamublikong Kalusugan



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)

Mga pambansang dulugan para sa karagdagang patnubay

CDC – *Activities and Initiatives Supporting the COVID-19 Response and the President's Plan for Opening America Up Again (Mga Aktibidad at Inisyatibong Sumusuporta sa Pagtugon sa COVID-19 at ang Plano ng Pangulo para sa Pagbubukas Muli ng Amerika):* <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/downloads/php/CDC-Activities-Initiatives-for-COVID-19-Response.pdf>

CDC – *Guidance for Businesses and Workplaces (Gabay para sa Mga Negosyo at Lugar ng Trabaho)* <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/organizations/businesses-employers.html>

OSHA *Guidance on Preparing Workplaces for COVID-19 (Gabay sa Paghahanda ng Mga Lugar ng Trabaho para sa COVID-19):* <https://www.osha.gov/Publications/OSHA3990.pdf>

Restore Illinois Day Camps Guidelines – *Guidelines for day camps issued by State of Illinois (Mga alituntunin para sa mga day camp na inilabas ng Estado ng Illinois):* <https://dceocovid19resources.com/assets/Restore-Illinois/businessguidelines3/summerprograms.pdf>

US Department of Education – *COVID-19 Information and Resources for Schools and School Personnel (Impormasyon at Dulugan ukol sa COVID-19 para sa Mga Paaralan at Tauhan ng Paaralan):* <https://www.ed.gov/coronavirus>

CDC – *Guidance for Youth and Summer Camps (Gabay para sa Mga Camp ng Kabataan at Camp sa Tag-init):* <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/schools-childcare/summer-camps.html>

Karagdagang Patnubay mula sa CDC – *Camps opening decision tree (Gabay para sa muling pagbubukas ng mga camp):* <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/schools-childcare/Camps-Decision-Tree.pdf>

Ang anumang mga link na ibinigay sa dokumentong ito ay para sa layunin ng kaginhawaan at pagbibigay ng impormasyon lamang; hindi ito pag-endorso o pag-apruba ng Lungsod ng Chicago ng mga produkto, serbisyo, o opinyon ng korporasyon o organisasyon o indibidwal. Walang hinahawakang responsibilidad ang Lungsod ng Chicago para sa katiyakan, pagiging legal, o nilalaman ng panlabas na site o nilalaman ng mga sumusunod na link. Makipag-ugnayan sa panlabas na site para sa sagot sa mga katanungan tungkol sa nilalaman nito.

- Inirerekomendang patnubay -

Pangkalahatang
patnubay sa
lugar ng
trabaho

Patnubay sa Mga
Programa sa
Tag-init

Pahayag ng
Pagtanggap

BE SAFE
CHICAGO